Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

August 19, 1980

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 174, s. 1980

PILIPINO SA TALASTASANG OPISYAL

Sa: Mga Pangalawang Kalihim
Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Ahensiyang Pangkalinangan
Mga Direktor Rehiyonal
Mga Puno ng mga Lingkuran at mga Yunit
Mga Tagapamanihala ng Paaralan
Mga Pangulo, Dalubhasaan at Pamanatasan ng Estado
Mga Puno ng Paaralang Pribado, Dalubhasaan at Pamantasan
Mga Tagapangasiwa ng mga Paaralang Bokasyonal

1. Bilang pag-alinsunod sa nilalaman ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 187 na nag-aatas na gamitin hangga't maaari sa lahat ng kagawaran (ministri), kawanihan at tanggapan at iba pang sangay ng pamahalaan ang wikang Pilipino sa lahat ng komunikasyon at transaksiyong opisyal, itinatakda sa pamamagitan nito ang paggamit ng Pilipino sa mga komunikasyon sa Ministring ito.

2. Simula sa Linggo ng Wikang Pambansa (Agosto 13-19) sa taong ito, at patuloy sa lahat ng panahon pagkaraan nito, ginaganyak ang lahat ng lingkuran, kawanihan, tanggapan at sangay na nasasaklaw ng Ministring ito sa mga kapantayang pambansa at lokal ang paunlad na paggamit ng wikang Pilipino sa mga pagsusulatang opisyal unang-una na sa mga komunikasyong karaniwang ginagawa sa pamamalakad na pampamahalaan.

3. Hinahangad na ikalat ang pagunitang ito upang maging patnubay sa lahat ng mga kinauukulan.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister ng Edukasyon at Kultura

Sanggunian:
BPS Sirkular: Blg. 1, s. 1970
Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)
Ilalagay sa Pamalagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

BUREAUS & OFFICES
CORRESPONDENCE
LANGUAGE
RULES & REGULATIONS
TEACHERS